

Kangkong

Field Production

Pamilya: *Convolvulaceae* (kamote, kangkong)

Panahon at Lupang Taniman

Ang pangkatihang kangkong ay angkop sa anumang uri ng klima o panahon at klase ng lupang taniman nguni't kailangan nito ng saganang patubig para sa malusog na paglaki. Mas mainam ito sa lupang mayaman sa organiko. Umaani ng katamtaman sa may matatag na temperatura sa maigsing araw sa tubigan. Sa 25-30°C puwedeng maabot ang pinakamataas na ani.

Paghahanda ng Lupang taniman

- Ihanda ang lupang taniman 2-3 linggo bago magtanim
- Kung maasim ang lupa (pH mababa sa 5.8) lagyan ng apog, 250 g/m² isang buwan bago magtanim.
- Haluan ang lupa ng tuyong dumi ng hayop o kompost (1.5 k/m²) 1linggo bago magtanim.
- Gumawa ng kamang taniman 1m ang luwang, 20-30 cm ang taas at may pagitang 0.5 m bawat kama. Lagyan ng patubig at daluyan o kanal para di tigilan ng tubig kung tag-ulan.

Pagyabong ng kangkong

Ang pangkatihang kangkong ay kalimitang diretsong tanim ang binhi sa lupa o ipinupunla sa seedling trays. Ang pagtatanim ay 3 butil bawat butas na may pagitang 30 cm bawat tudling at 25 cm bawat butas. Bawat kama ay may 3 tudling na patatsulok ang pagtatanim.






Ang lumalaking pangkatihang kangkong na deretsong itanim

Pagkontrol sa damo: Gumamit ng organikong kilib kagaya ng dayami, pinag-anihan ng mais, lumang ipa ng palay, at iba pa na napatunayang nakakasupil ng paglaki ng mga damo. Alisin ang damo gamit ang gulok panggamas.

Pag-aani

Pag-aani: Ang unang pag-aani ng kangkong ay simula 3 linggo pagkatanim at pagkatapos ay kada 2-3 linggo naman ang ani ng mga talbos kung maganda ang klase ng tanim. Ang talbos na may habang 25 cm ay putulin gamit ang matalas na kutsilyo 2-3 cm buhat sa puno. Ang pag-aani ay gawin sa umagang-umaga o bago magtakip-silim sa hapon.

Agronomy

Yugto ng paglaki ng Kangkong					
	Bago magtanim	Pagtanim / Establisimento	Paglaki		Paggulang
					
Abono	Bago magtanim, lagyan ng abono bawat butas at ihalo ito sa lupa. Ang karagdagang abonong pampalaki ay ilagay 1 pulgada ang layo sa puno. Siguruhing di mapatakan ng abono ang dahon para di ito masunog. Maglagay ng abono kada 2 linggo matapos mag-ani. Sundin ang sumusunod na rekomendasyon para sa pag-aabono.				
Tiyempo	Sa pagkatanim	1 linggo pagkatanim	2 linggo pagkatanim	3 linggo pagkatanim	Karagdagang pag-aabono
Dami	10 g ng Complete fertilizer (14-14-14) kahalo ng "biochar" o sinunog na ipa	Idilig ang 150 ml bawat puno ng tinunaw na 300 g calcium nitrate sa 16 L ng tubig	Idilig ang 150 ml bawat puno ng tinunaw na 300 g calcium nitrate sa 16 L ng tubig	Idilig ang 150 ml bawat puno ng tinunaw na 300 g calcium nitrate sa 16 L ng tubig	Ulitin ang pag-aabono kung kinakailangan
Irrigation	Maghanay ng tubo paayon sa kama para sa drip irigasyon. Bawat tudling ay may isang tubo na may butas kada 25 cm o mas malimit pa. Pinakamagaling na paraan ay basaing mabuti para mag-ugat sa basang lupa. Magdilig lamang sa umaga at di sa hapon para makaiwas sa pagkalat ng sakit na amag.				
		Diligan kaagad pagkatanim hanggang malalim na ang basa ng lupa	Magdilig kada 3-4 na araw sa loob ng 4-6 oras o hanggang di pa basa ng lubos ang lupa	Magdilig kada 3-4 na araw sa loob ng 4-6 oras o hanggang di pa basa ng lubos ang lupa. Huwag hayaang matuyot ang tanim.	
Peste	Regular na bisitahin ang tanim, tingnan ang mga talbos at ilalim ng mga dahon kung may mga peste. Gumamit lamang ng rekomendadong pestesidyo at tingnan ang itiketa bago magbomba. Pisain ang mga itlog at uod at alisin ang mga dahong may leafminer at sirain ito.				
			Whitefly (<i>Bemisia tabaci</i>) Green tortoise beetle (<i>Cassida circumdata</i>), brown Chrysomellid beetle, flea beetle (<i>Phylloides balyi</i>) and slant-faced grasshopper <i>Attractomorpha psittacina</i> .	Whitefly (<i>Bemisia tabaci</i>) Green tortoise beetle (<i>Cassida circumdata</i>), brown Chrysomellid beetle, flea beetle (<i>Phylloides balyi</i>) and slant-faced grasshopper <i>Attractomorpha psittacina</i> .	Whitefly (<i>Bemisia tabaci</i>) Green tortoise beetle (<i>Cassida circumdata</i>), brown Chrysomellid beetle, flea beetle (<i>Phylloides balyi</i>) and slant-faced grasshopper <i>Attractomorpha psittacina</i> .
Sakit	Regular na bisitahin ang tanim kung may sintomas ng sakit. Bunutin at ilubog ang may sakit na systemic o panloob at maingat na putulin ang ibang mayroong sakit. Kung gagamit ng pamputol, siguruhing malinis ito kada gamit. Maingat na ilagay kaagad ang mga pinutol na may sakit sa supot na plastik at isara upang di kumalat pa ang mga mikrobyo sa ibang halaman. Gumamit lamang ng mga rekomendadong pestesidyo para sa amag.				



Kangkong na puwede ng anihin

Produksyon at Benta ng Kangkong Tanim sa Ilalim ng Istruktura at Linang

Ang ani resulta sa pag-aaral sa pagtatanim ng kangkong na ginawa sa proyekto ng Australian Centre for International Agricultural Research–Integrated Crop Management (ACIAR-ICM) sa Department of Horticulture, Visayas State University (VSU), Baybay, Leyte.

	Pambenta (t/ha)
Ilalim ng Istruktura	55.0
Linang	31.5

Makabuluhan ang taas ng ani sa ilalim ng istruktura kaysa sa linang. Dulot ito ng kawalan ng pagtagas ng pataba o nadala ng tubig kaya't mas maganda ang halaman.

Pagka-ani

Ang dulo ng kangkong ay hugasang mabuti gamit ay malinis na tubig gaya ng pang-inom o malinis na tubig-dagat. Talian ang mga tangkay at itayo itong nakababad sa malinis na tubig. Puwede itong itinggal 1-2 araw kung may takip at nasa malamig na lugar.



Applied Horticultural Research Pty Ltd (AHR), the Australian Centre for International Agricultural Research (ACIAR) and NSW Department of Primary Industries (NSW DPI) make no representations and expressly disclaims all warranties (to the extent permitted by law) about the accuracy, completeness, or currency of information in this fact sheet. Users of this material should take independent action before relying on it's accuracy in any way. Reliance on any information provided by AHR, ACIAR or NSW DPI is entirely at your own risk. AHR, ACIAR or NSW DPI are not responsible for, and will not be liable for, any loss, damage, claim, expense, cost (including legal costs) or other liability arising in any way from your use or non-use of information in this fact sheet, or from reliance on information AHR, ACIAR or NSW DPI provides to you by any other means.